ST PAULS MEDIA pastoral ministry
AMBUHAY
MISSALETTE
Celebrates the 500 Years of Christianity in the Philippines (1521-2021)

Taon 35 Blg. 15 Ika-28 Linggo ng Karaniwang Panahon (B) — Luntian Oktubre 10, 2021
Linggo ng mga Katutubong Pilipino at Araw ng Labis na Karukhaan

Tunay na Yaman



Cl. Buen Andrew Cruz, SSP

May isang babaeng lumapit sa bintana ng isang nakaparadang sasakyan at nanalamin. Sa kalagitnaan ng kanyang pagpapaganda, tumunog ang makina ng sasakyan. Natigilan at nagulat ang babae. Dahil sa *tint* ng bintana, hindi niya namalayang may tao pala sa loob ng sasakyan at malamang, kanina pa siya nito napapanood. Bumaba ang salamin at nakangiting nagsalita ang nagmamaneho: "Okay na, *Miss*, maganda na po kayo." Napangiti na lang rin ang babae habang dahan-dahang umaandar ang sasakyan papalayo sa kanya.

Walang masama sa kaniyang ginawa. Nakisalamin lang naman siya at marahil nagmamadali papasok sa trabaho. Nakatuon siya sa kanyang pagpapaganda at sa pagkabigla, nawala na sa malay niyang pasalamatan ang may-ari ng sasakyan.

Tulad siya ng binata sa ebanghelyo ngayon. Matuwid ang pamumuhay ng binatang nabanggit. Sa kaloob-looban ng binatang ito, sinusunod at natutupad niya ang mga ipinag-uutos ng kanyang pananampalataya. Sinisikap niyang maging mabuti, banal, at matuwid gaya rin ng mababasa sa aklat ng mga Levitico (11:44). Nakatuon siya sa pagpapabuti ng kanyang sarili. Hindi ito masama. Ngunit may idinagdag si Hesus: Bitiwan ang kanyang yaman at ibahagi ito sa mahihirap.

Madalas na natatabingan ng pilak na pintura ang bintana ng ating buhay. Tulad ng salamin, sarili lamang natin ang madalas nating makita at hindi natin natatanaw ang ating kapwa. Bilang alagad ni Hesus, inaanyayahan tayong alisin ang nakahahadlang – pilak na pintura man o kayamanang labis na kinakapitan upang makita ang ating kapwa. Isang hamon ang lumaya mula sa pagkapit sa kayamanan, kaya marahil nalungkot ang mayamang binata. Ngunit hindi nangangahulugang imposible ito. Magagawa ito sa tulong at gabay ng tunay na karunungang mula sa Salita ng Diyos.

Sa aking pakikiniig sa mga katutubong Igorot ng Mountain Province, makikita ang taglay nilang sipag, kapayakan, at tapat na pakikipagkapwa-tao. Ang tunay nilang yaman: *binnadang* o bayanihan. Naka-ugat na ito sa kanilang pamumuhay. Mula pagtatanim hanggang paggawa ng daan, simbahan, o tahanan ng kapit-bahay, mabilis ang pagtugon para sa kapwang nangangailangan. Ganito rin ang mga katutubo sa iba pang bahagi ng bansa, namumuhay na laging isinasaalang-alang ang kapwa, maging ang kalikasan. Ito ang tunay na kayamanan.

Sa ating pagtingin sa bintana ng buhay, makita nawa natin ang ating sarili at ating kapwa. Lumaya nawa tayo sa tanikalang dala ng labis na pagkapit sa kayamanan at ng kasalanan. Magtulungan tayo upang ganap na makasunod kay Hesus.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok
(Slm 130:3–4)
(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Kapag iyong tinandaan lahat ng aming pagsuway, kami kaya ay tatagal? Kaya't ika'y mapagbigay at maawaing Maykapal.

Pagbati
(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.
B—At sumainyo rin.

Paunang Salita
(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Ipinagdiriwang natin ngayon ang *Linggo ng mga Katutubong Pilipino at Araw ng Labis na Karukhaan*. Sa Ebanghelyo, hindi kinukondena ng Panginoon ang mga mayayaman ngunit ipinaaalala sa atin ngayon na "anuman ang iyong labis ay pangangailangan naman ng iyong kapwa." Higit sa panlabas na pagtalima sa mga batas ng relihiyon, mas mainam na ebidensya ng tunay na pagsunod sa Ama ang pagkalinga at pakikipagkapwa-tao sa mga mahihirap at mga nagmula sa ibang kultura.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan ng Diyos kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad nang lubos. *(Tumahimik)*

P—Sinugong Tagapagpagaling sa mga nagsisisi: Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.
P—Dumating na Tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.
B—Kristo, kaawaan mo kami.
P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B—Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo *(Tumahimik)*
Ama naming makapangyarihan, ang iyo nawang kagandahang-loob ay manguna at sumubaybay sa aming pamumuhay ngayon at araw-araw upang kami'y itaguyod sa paninindigang gumawa ng kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa (Kar 7:7–11)
(Umupo)

Ipinakikita ng Karunungan sa tao kung ano ang tunay na mahalaga para sa Diyos. Hinihimok tayong piliin ang Karunungan sa halip na ginto o pilak, kalusugan o kagandahan.

Pagbasa mula sa aklat ng Karunungan

SAPAGKAT napag-unawa kong ako'y tao lamang, ako'y nanalangin at binigyan naman ako ng kaalaman. Tumawag ako sa Diyos at binigyan ako ng Karunungan. Higit na mahalaga sa akin ang Karunungan kaysa trono at setro, at mas matimbang kaysa alinmang kayamanan. Hindi ko maipagpapalit maging sa pinakamahal na alahas. Ang ginto ay tulad lamang sa buhangin kung ihahambing sa Karunungan. Ang pilak nama'y nagmimistulang putik kapag inihambing sa kanya. Para sa akin, siya'y higit pa sa kalusugan o kagandahan. Mas gusto ko siya kaysa alinmang ilaw sapagkat ang luningning niya'y walang pagkupas. Nang kamtan ko ang Karunungan, dumating sa akin ang lahat ng pagpapala; siya ang nagkaloob sa akin ng kayamanang walang kapantay.

—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 89)

T—Pag-ibig mo'y ipadama; aawit kaming masaya.



1. Yamang itong buhay nami'y maikli lang na panahon,/ itanim sa isip namin upang kami ay dumunong./ Hanggang kailan pa ba, Poon, titiisin yaring lagay/ nitong iyong mga lingkod, sa gitna ng kahirapan? **(T)**

2. Kung umaga'y ipadama yaong wagas mong pag-ibig,/ at sa buong buhay nami'y may galak ang aming awit./ Yaong naging hirap nami'y tumbasan mo ng ginhawa,/ singhaba rin ng panahon ang ipalit na ligaya. **(T)**

3. Ipakita sa lingkod mo ang dakila mong gawain,/ sa kasunod naming lahi ay gayon mo rin iturong./ Panginoon naming Diyos, kami sana'y pagpalain,/ magtagumpay sana kami sa anumang aming gawin. **(T)**

Ikalawang Pagbasa (Heb 4:12–13)

Tunay na makapangyarihan ang Salita ng Diyos at nababatid niya ang laman ng ating mga puso at isipan. Wala tayong maitatago sa Diyos.

Pagbasa mula sa sulat sa mga Hebreo

ANG SALITA ng Diyos ay buhay at mabisa, higit na matalas kaysa alinmang tabak na magkabila'y talim. Ito'y tumatagos maging sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at nakatataho ng mga iniisip at binabalak ng tao. Walang makapagtatago sa Diyos; ang lahat ay hayag at lantad sa kanyang paningin, at sa kanya tayo magsusulit.

—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Mt 5:3) (*Tumayo*)

B—Aleluya, aleluya! Mapalad ang mga dukha na tanging D'yos na lumikha ang pag-asa at adhika. Aleluya, aleluya!

Mabuting Balita (Mc 10:17–27)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos.
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, habang paalis na si Hesus ay may isang lalaking patakbong lumapit, lumuhod sa harapan niya at nagtanong, "Mabuting Guro, ano po ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?" Sumagot si Hesus, "Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos. Alam mo ang mga utos: 'Huwag kang papatay; huwag kang manganga-lunya; huwag kang magnanakaw; huwag kang magsisinungaling sa iyong pagsaksi; huwag kang madadaya; igalang mo ang iyong ama't ina.'" "Guro," sabi ng lalaki, "ang lahat po ng iya'y tinutupad ko na mula pa sa aking pagkabata." Magiliw siyang tiningnan ni Hesus, at sinabi sa kanya, "Isang bagay pa ang kulang sa iyo. Humayo ka, ipagbili mo ang iyong ari-arian at ipamigay sa mga dukha ang pinagbilhan, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod sa akin." Namanglaw ang lalaki nang marinig ito, at malungkot na umalis, sapagkat siya'y napakayaman.

Tiningnan ni Hesus ang mga nasa paligid niya at sinabi sa kanyang mga alagad, "Napakahirap mapabilang ang mayayaman sa mga pinaghaharian ng Diyos." Nagtaka ang mga alagad sa pananalitang ito. Muling sinabi ni Hesus, "Mga anak, talagang napakahirap mapabilang sa mga pinaghaharian ng Diyos! Madali pang makaraan ang kamelyo sa butas ng karayom kaysa pasakop sa paghahari ng Diyos ang isang mayaman." Lalong nagtaka ang mga alagad, kaya't sila'y nagtanungan, "Kung gayo'y sino ang maliligtas?" Tinitigan sila ni Hesus at sinabi sa kanila, "Hindi ito magagawa ng tao, ngunit hindi ito mahirap sa Diyos. Magagawa ng Diyos ang lahat ng bagay."

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Dumalangin tayo sa Ama upang bigyan tayo ng grasyang iwaksi ang mga bagay na nakapagpapalayo sa atin sa kanya. Buong kababaang-loob tayong manalangin:

T—Ama namin, dinggin mo kami.

L—Gabayan nawa ng Simbahan ang bawat mananampalataya tungo kay Hesus**,** ang salita ng Diyos, na siyang tunay na yaman ng bawat tao. Manalangin tayo: **(T)**

L—Bigyang-pansin at tugunan nawa ng aming mga pinuno ang labis na paghihirap ng mga katutubo, at ipagtanggol sila laban sa mga mapang-abuso. Manalangin tayo: **(T)**

L—Magtulungan nawa ang bawat mananampalataya laban sa pandemyang dulot ng CoViD-19 virus, sa pamamagitan ng pagdamay sa mga lubhang nahihirapan dahil sa kawalan ng trabaho, karamdaman, at lubos na pag-aalala. Manalangin tayo: **(T)**

L— Igalang nawa ng lahat ang kultura ng mga katutubo at iwasan ang anumang nakapipinsala o humahamak sa kanilang mayamang kultura. Manalangin tayo: **(T)**

L—Makapiling nawa ng mga kapatid naming pumanaw ang tunay na kayamanan na inaasam ng bawat Kristiyano, si Hesus na Panginoon namin at Diyos. Manalangin tayo: **(T)**

L—Sa ilang sandali ng katahimikan itaas natin sa Diyos ang ating personal na kahilingan gayundin ang mga taong lubos na nangangailangan ng ating panalangin *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

P—Ama, dinggin mo ang aming panalangin upang makapamuhay kaming matiwasay habang matiyagang naghihintay sa aming pagsapit sa piling mo kung saan aming matatagpuan ang tunay na kayamanan kasama si Hesukristong anak mo at aming Panginoon.
B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P—Manalangin kayo...
B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga panalangin na sumasaliw sa aming paghahain upang sa ginaganap naming pagdiriwang kami'y makatawid sa kaluwalhatian sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

Prepasyo
Karaniwang Panahon I

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.
P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B—Itinaas na namin sa Panginoon.
P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
B—Marapat na siya ay pasalamatan.
P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin, ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...
P—Hinihiling naming...
B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang
(*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon
(Slm 34:10)

Kahit mga mayayaman ay nagugutom din naman, ngunit pinapakinabang ng Panginoon ang tanang sa kanya'y naglalapitan.

Panalangin Pagkapakinabang
(*Tumayo*)

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*
Ama naming mapagmahal, ngayong kami'y iyong pinapakinabang sa Katawa't Dugong banal, iniluluhog namin sa dakila mong kabutihan sa tanan na kami'y gawin mong kasalo sa iyong buhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik)*

Gawaran nawa kayo ng pagpapala ng maawaing Diyos upang lagi ninyong mapahalagahan ang kanyang karunungang nagdudulot ng kaligtasang walang hanggan.
B—Amen.

P—Gawaran nawa ng Diyos ng katatagan ang inyong pananampalataya na nasasalig sa kanyang pagmamahal upang mamalagi kayong nagsisikap gumawa ng kabutihan ngayon at magpasawalang hanggan.
B—Amen.

P—Patnubayan nawa ng Diyos ang inyong paglakad sa daang hahantong sa kanya upang inyong taluntunin ang landas ng pag-ibig at kapayapaang walang hanggan.
B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.
B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang Misa. Humayo kayong taglay ang pag-ibig upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.
B—Salamat sa Diyos.

BE A PRIEST OR
A BROTHER OF
MASS MEDIA

If you are a Grade 12 student, a college student, or a young professional, male, single, and interested to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication, we invite you to journey with us.

Visit our websites:
ssp.ph or **stpauls.ph**
Tel: (02) 8895-9701